# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Sibika Baitang 2
## Ikatlong Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Paksa: Ang Hanapbuhay at Kultura ng Aking Komunidad

**Layunin:**

- Natatalakay ang mga produkto at mga kaugnay na hanapbuhay na nalilikha mula sa likas na yaman ng komunidad
- Nailalarawan ang likas na yaman at pangunahing produkto ng komunidad
- Naiuugnay ang mga pangunahing hanapbuhay ng komunidad sa likas na yaman ng komunidad

**A. Panimula** (*Pagtingin sa Larawan ng Kilalang Kapistahan sa Pilipinas at Pagpapakita ng Larawan ng Partisipasyon sa Isang Kapistahan*)

1. Magsimula sa pagpapakita ng mga pag-awit ng "Bahay-Kubo." Hayaan ang mga mag-aaral na ilista at magparamihan ng mga gulay na maririnig nila sa awitin. Tanungin din kung ano kaya ang maaaring hanapbuhay ng taong sumulat ng kantang ito.
2. Idiin sa mga mag-aaral na ang ikinabubuhay ng tao ay minsan nakadepende sa mga bagay na nasa kanilang paligid.

**B. Paglinang** *(Pansariling Gawain: Paggawa ng Role-play)*

1. Magpakita ng isang mapa ng Pilipinas. Lagyan ng mga simbolo ang mga ito na kakatawan sa mga produkto ng mga lalawigan sa Pilipinas.
2. Bigyan din ang mga mag-aaral ng sagutang papel. Hayaang pagtapatin ng mga mag-aaral ang posibleng hanapbuhay ng mga tao sa isang komunidad batay sa bagay na kinakailangan.

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Ang ating kapaligiran ang nagbibigay sa komunidad ng ikinabubuhay nito kaya ibinabagay ng mga tao sa komunidad ang kultura, maging ang kanilang hanapbuhay, sa kung anong kapaligiran mayroon sila.

**Pangunahing Tanong:**

- Bakit mahalaga ang kapaligiran sa pagsasabi ng kultura o pamumuhay ng isang komunidad?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayang malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)

**Panuto:** Pagtapat-tapatin ang mga taong naghahanapbuhay sa kanilang mga kagamitan. Isulat ang titik ng tamang sagot.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Magsasaka | A. | Tubig – Isda at lamang dagat |
| 2. | Mangingisda | B. | Tubig – Bangka |
| 3. | Mag-aalaga ng hayop | C. | Lupa – Baboy, Manok, Baka |
| 4. | Maglalayag | D. | Lupa – Gulay at Prutas |
| 5. | Piloto | E. | Himpapawid – Eroplano |

**C. Pagpapatibay** *(Pakikipag-usap gamit ang Think-Pair-Share)*

1. Gamit ang *Think-Pair-Share*, hayaan ang mga mag-aaral na ilahad ang mga hanapbuhay ng kanilang mga magulang. Ipaisip sa kanila kung ano-ano ang kagamitang ginagamit ng kanilang magulang sa trabaho at bakit nila ginagamit ang mga ito.
2. Paglalagom: Itanong ang pangunahing tanong.
3. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, Sabihan ang mga mag-aaral na magtanong sa kanilang mga magulang o kasama sa bahay tungkol sa mga sining, pagdiriwang, at tradisyon ng kanilang komunidad. Ipasulat ito sa kanilang kuwaderno.

- Kasanayan sa wika: pasalita o pasulat (*Communication Skill*)

**Mga Kagamitan:**

- Sagutang papel
- Mapa ng Pilipinas
- Pangkulay



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Paksa: Ang Likas na Yaman ng Aking Komunidad

**Layunin:**

- Naipaliliwanag ang pananagutan ng bawat isa sa pangangalaga sa likas na yaman at pagpapanatili ng kalinisan ng sariling komunidad
- Nasasabi ang mga sanhi at bunga ng pagkasira ng likas na yaman ng kinabibilangang komunidad
- Nahihinuha ang mga posibleng dahilan ng tao sa pagsira ng mga likas na yaman ng kinabibilangang komunidad
- Nakapagbibigay ng mungkahing paraan ng pag-aalaga sa kapaligiran at likas na yaman ng kinabibilangang komunidad

**A. Panimula** (*Pakikinig sa Awit na 'Paraiso' o 'Masdan ang Kapaligiran'*)

1. Magsimula sa pakikinig sa awiting "Paraiso" o "Masdan ang Kapaligiran." Matapos ang pakikinig, tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang mensahe ng awitin.
2. Ipaalala sa mga mag-aaral na ang mga nangyayari sa kapaligiran ay karaniwang sanhi ng mga pagbabago.

**B. Paglinang** *(Pansarilinig Gawain: Paggawa ng Role-play)*

1. Gamit ang dyad, bigyan ng mga larawan ang mga mag-aaral ng mga pangyayaring nagpapakita ng pagkasira ng kapaligiran. Bigyan din ng mga sagutang papel ang mga mag-aaral na may kaugnayan sa larawan na ibinigay sa kanila.
2. Ang sagutang papel ay magmumukhang ganito: (Maaaring iba-iba ang sagutang papel depende sa larawan na ibibigay.)

**Pangunahing Pang-unawa:**



- Ang kalikasan ay ang pinagkukunan ng mga tao ng kanilang kabuhayan at kinatawan rin ng ating kultura kaya dapat lang na alagaan at protektahan natin ang mga ito.
- Bilang mga gumagamit ng mga likas na yaman ng komunidad, tungkulin natin na palitan, protektahan, at pagyamanin ang mga likas na yaman upang maipagpatuloy natin ang ating mga kabuhayan.

**Pangunahing Tanong:**

- Bakit kailangan nating pangalagaan ang likas na yaman ng ating komunidad?

Panuto: Tingnan ang larawan at sabihin ang sanhi o bunga na hinihingi sa bawat bilang.

**Larawan: (Nagkalat na Basura sa Paligid)**

| SANHI | BUNGA |
|---|---|
| 1. Hindi maayos na pag-*sesegregate* ng basura |  |
| 2.  | Pagdumi ng ilog at dagat |
| 3. Pagtatapon sa hindi tamang lugar |  |
| 4.  | Pagtaas ng mga nagkakasakit na mamamayan sa komunidad |

C. **Pagpapatibay** *(Pagtalakay sa mga Sagot at Paggawa ng Slogan)*

1. Magkaroon ng kaunting pagtatalakay sa mga nasabing larawan at sanhi at bungang naisulat ng mga mag-aaral. Hayaang isipin nila kung ano ang mangyayari sa kalikasan kung hindi ito aalagaan.
2. Hayaan ang mga mag-aaral na magbigay ng mungkahi kung paano aalagaan ang kalikasan. Maaari nilang isulat ito sa paraang *slogan* at ipaskil ito sa silid-aralan. Maaari din nila itong iguhit.

- Ano ang ating bahagi sa pangangalaga ng ating kalikasan?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayang malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Pag-unawa sa iba't ibang kultura (*Cross-cultural Understanding*)

**Mga Kagamitan:**

- Sagutang papel
- Gamit pangkulay
- Larawan ng mga pagkasira ng kalikasan



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

3. Paglalagom: Itanong ang mga pangunahing tanong.
4. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, sabihan ang mga mag-aaral na gumupit ng mga *clipping* sa dyaryo tungkol sa mga balita ng mabuti at hindi mabuting pamumuno sa bansa o komunidad. Maaari silang humingi ng tulong sa mga magulang o kasama sa bahay. Ipadikit ang mga ito sa kanilang kuwaderno.

## Paksa: Ang mga Pinuno ng Aking Komunidad

**Layunin:**

- Nakikilala ang mga namumuno sa sariling komunidad at ang kanilang kaakibat na tungkulin at responsibilidad
- Nasasabi kung paano nagiging pinuno
- Nasasabi ang katangian ng mabuti at hindi mabuting pinuno
- Nasasabi ang kahalagahan ng mabuting pamumuno sa pagtugon ng pangangailangan ng mga tao sa komunidad

**A. Panimula** (*Picture Analysis: Pagpapakita ng Larawan ng Pangulo ng Pilipinas*)

1. Magsimula sa pagpapakita ng larawan ng mga pangulo ng Pilipinas. Itanong sa mga mag-aaral kung ano ang mangyayari sa Pilipinas kung wala tayong pinuno.
2. Ipaalala sa mga mag-aaral na ang mga pinuno ay katulong ng mga tao sa komunidad para magkaroon ng maayos na buhay.

**B. Paglinang** *(Pansariling Gawain: Profile ng Pinuno)*

1. Atasan ang mga mag-aaral na mag-interbyu ng pinuno ng komunidad. Gamit ang sagutang papel, gagawa sila ng isang *profile* ng mga pinuno ng komunidad. Ang sagutang papel ay magmumukhang kagaya ng sa ibaba:

   Panuto: Ilagay ang larawan ng inyong pinuno sa ibaba at punan ang impormasyon sa ibaba.

   | Larawan ng Pinuno |
   |---|

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Ang mabubuting katangian ng pinuno ay mahalaga dahil ito ang gagabay sa kanila na isipin ang kapakanan ng nakararami sa komunidad.
- Kung ang kapakanan lamang ng sarili ang iisipin ng isang pinuno, maaaring maisakripisyo ang mga bagay na makabubuti sa komunidad.

**Pangunahing Tanong:**

- Bakit mahalaga ang mabubuting pinuno sa ating komunidad?
- Ano ang epekto ng hindi mabuting pamumuno sa komunidad?



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

| | |
|---|---|
| Personal na impormasyon | Pangalan<br>Edad<br>Lugar na tinitirhan<br>Taon ng pamumuno |
| Gawain bilang pinuno sa komunidad | (Magbigay ng tatlong gawain.) |
| Isalaysaya kung paano siya naging pinuno. | |

1. Ano para sa kanya ang pagiging mabuting pinuno?
2. Paano nagiging masama ang isang pinuno sa komunidad?

**C. Pagpapatibay** *(Pagtalakay sa mga Sagot)*

1. Magkaroon ng kaunting pagtatalakay sa mga nasabing sagot at pagdidikit ng mga *profile* na ginawa ng mga mag-aaral sa silid-aralan.
2. Mula sa mga sagot na naibigay ng mga mag-aaral, magpagawa ng mga *slogan* tungkol sa ano ang magiging epekto sa komunidad kung ang mga pinuno ay mabubuting pinuno.
3. Paglalagom: Itanong ang mga pangunahing tanong.
4. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, sabihan ang mga mag-aaral na kilalanin ang mahahalagang kasapi ng komunidad na nakatutulong sa kaunlaran ng komunidad. Maaari silang humingi ng tulong sa mga magulang o kasama sa bahay. Ipasulat ito sa kanilang kuwaderno.

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayang malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Kasanayan sa wika
- Kasanayan sa pangongolekta ng datos

**Mga Kagamitan:**

- Sagutang papel
- Gamit pangkulay